



Buong Teksto

ANG PUSO NG MATSING

Bilang katunayan ng pagmamahal ng kanyang kabiyak, sinabi ng asawa ng Buwaya sa kanyang kabiyak na ihandog sa kanya ang puso ng Matsing. Magtatagumpay kaya si Buwaya sa paghuli kay Matsing?

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Ang Puso ng Matsing” isinalin sa Filipino ni Michael M. Coroza, PhD at babasahin satin ni Yolando B. Jamendang, Jr.

May isang malaki at malakas na matsing na namumuhay noon sa pampang ng isang ilog. Sa gitna ng ilog, may isang maliit na isla na pinamumungahan ng pana-panahong mga prutas gaya ng mangga at langka. Isang lundag lang ang layo ng islang ito sa malaking bato na nasa pagitan ng isla at ng pampang. Madalas na ginagamit ng matsing ang bato bilang talúnan sa pagpunta sa isla upang tamasahin ang mga prutas.

Nakatira rin sa ilog ang isang buwaya at ang asawa nito. Mahal na mahal ng buwaya ang kaniyang asawa. Isang araw, inihayag ng asawa ang hangarin nitong kainin ang puso ng matsing. Kayâ, sinabi nito sa buwaya na kung tunay ngang minamahal siya, hulihin ang matsing at dalhin ang puso nito sa kaniya. Agad na tumalima ang buwaya, lumúsong ito sa tubig upang hulihin ang matsing.

Nang araw na iyon, habang pinagpapasasaan ng matsing ang mga prutas sa munting isla, pinuntahan at niyakap ng buwaya ang batong tinatalunán ng matsing. Nang papauwi na siya, napansin ng matsing na tila lumaki kaysa sa karaniwan ang bato. Agad itong naghinala na may hindi tama. Naisip niya, “Marahil may buwayang nagtatago sa likod nito!” Upang makatiyak, kinausap niya ang bato, “Mahal na Bato! Bakit tahimik ka ngayon? Bakit hindi mo ako binabati ngayon?” Inakala ng buwaya na talagang nagsasalita ang bato. Kayâ sumagot siya na parang siya ang bato, “Mahal na matsing, kumusta ka?” Napatunayan na ngayon ng matsing na totoo nga ang kaniyang hinala. Upang higit pang matiyak na naroon nga ang kaaway, sumigaw siya, “Hindi naman dapat nagsasalita ang mga bato. Ngayon, alam ko na may nasa likod nito. Maaari ka bang lumabas at ilantad ang iyong sarili?”

Lumabas ang buwayang nasa likod nito, buong pagmamalaking nagpakilala, at tinangkang kainin ang puso ng matsing. Naramdaman ng matsing na tila siya naipit sa nag-uumpugang bato! Hindi mainam na bumalik siya sa munting isla dahil mauubusan siya ng pagkain kung magtatagal siya roon. Kayâ pinili niyang magbalik sa pampang. Upang makatakas, nilansi niya ang buwaya, “Ginoo! Dahil wala na akong kawalâ, ihahandog ko ang katawan ko sa iyo. Kung ibubuka mo lámang ang bibig mo, lulundag ako papasók diyan.” Matalino ang matsing. Alam niyang kapag nagbuka ng bibig ang buwaya, pipikit ang mga mata nito. Sumang-ayon ang buwaya, at gayon nga, pagkabukang-pagkabuka ng bibig, pumikit ang mga mata nito. Sinamantala ng matalinong matsing ang pagkakataon, tumalon siya sa ulo ng buwaya at nakalundag pabalik sa pampang.

Nang magmulat ng mata ang buwaya at nakitang ligtas na nasa pampang ang matsing, pinuri niya ang karunungan nito sa pagsasabing:

O, Matsing! Sa pagsasanib ng katotohanan at talas ng isip,
Sa tatag ng loob at kawalan ng tákot, ang kaaway ay laging nadaraig.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Ang Haring Matsing	Ang Nagbabanal-banalan
Ang Nagsasayaw na Paboreal	Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig
Ang Madaldal na Pagong	Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas
Ang mga Nakakita sa Punong Judas	Ang Puso ng Matsing
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon	Ang Ginintuang Gansa
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan	‘Uling’ ni Impo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Estelle Marie M. Ladrido, PhD	<i>Executive Producers</i>
Ricardo G Abad, PhD	
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam	<i>Sound Engineers</i>

Nilo Beriarmente

Senanda Gomez

Talent Coordinator and Production Associate

Jethro Nibaten

Sound Design and Technical Team

Adriane Ungriano

Duane Ligot

Rey Sotto

Justine Ray Santos

Noriel Mendoza

Logistical Support

Vanessa Reventar

Fran Alvarez

Illustrator

Lazir Caluya

Brand Developers

Vanessa Reventar

Dreamlist Digital

Web developers

Embassy of India in Manila, Philippines

Shambhu S. Kumaran

Ambassador of India to the Philippines

Vishwanjali M Gaikwad

Second Secretary (Press, Information, and Culture)

Michael James Mangaring

Assistant

Ateneo de Manila University Loyola Schools

Kagawaran ng Filipino

Michael M Coroza, PhD

Translators

Mark Benedict F Lim

Claudette M Ulit, PhD

Michael M Coroza, PhD

Translation Editor

Anna Trisha Monica O Abeleda

Readers

Ariel A Diccion

Jomar I Empaynado

Carlota B Francisco

John Carlo S Gloria

Sharmaine V Hernandez

Yolando B Jamendang, Jr
Glenda C Oris
Jerry C Respeto, PhD
Corazon L Santos, PhD
Jethro Niño P Tenorio
Andrea Anne I Trinidad